

# APOSTOLIC FAITH CHURCH

Bonifacio District, Cabanatuan City

# CELL GROUP COMPLETE MODULE PLAN



---

(Cell Group Name)

---

(Location)

(Meeting Day / Time)

---

(Classification / Date Started)

---

(Cell Group Leader)

---

(Intern)

(Host)

# VISION

To preach and spread  
the Word of God in the Philippines  
and other parts of the world.

# MISSION

To train and educate Christians  
to propagate the Gospel  
with every opportunity  
everywhere with commitment,  
discipline, selflessness,  
inspired by the Holy Spirit  
and guided by the life of Christ

# CONTENTS

<b>INTRODUCTION</b> .....	05
---------------------------	----

## **BABY STAGE**

Attendance .....	07
Baby Stage Characteristics .....	09
Love .....	10
I Am Special .....	13
A Worry Free Life .....	14
God's Plan .....	15
Power of Words .....	16
God Knows Me .....	17
What to Do in Tough Times .....	18
Parable of the Sower .....	19

## **CHILD STAGE**

Attendance .....	21
Child Stage Characteristics .....	22
Salvation .....	23
Total Surrender .....	25
Who is Jesus Christ? .....	27
Overcoming Temptations .....	28
Forgiveness .....	29
What is Born Again .....	30

## **TEEN STAGE**

Attendance .....	31
Teen Stage Characteristics .....	32
Worship .....	34
Offering .....	35
Prayer .....	37
Holiness .....	39
Sabbath .....	40
Daily Bible Reading / Devotion .....	42

## **ADULT STAGE**

Attendance .....	43
Adult Stage Characteristics .....	44
Preparing Good Questions .....	45
Guidelines is Asking Good Questions .....	46

**PARENT STAGE**

Attendance ..... 49  
Parent Stage Characteristics ..... 50  
My Life's Journey ..... 52  
The Good Samaritan ..... 55  
The Parable of the Lost Sheep ..... 56  
Water for Thirsty ..... 58  
The Great Commission ..... 59  
Friendship Day ..... 60

**PRAYER REQUESTS** .....61

**EVALUATION** .....66

**REFERENCES** ..... 67

# INTRODUCTION

“Whenever two or three of you come together in my name, I am there with you” (Matthew 18:20).

Brian Hathaway (2002) shared his reflection on this verse of Matthew on his book “The Church”. He said, the verse tells us that when two or three is gathered in the name of God, He is there in a special kind of way”. The verse depicts the importance of cell groups in which members are committed to one another as to Christ.

Hathaway added that, “If the depths of relationships and our commitment to one another are so important to God, then small groups must also be important as it is only in small groups that close relationships can develop. During the first two centuries of the Christian era church buildings did not exist, so it was necessary that people met in their homes. It is significant that the earliest church building discovered by archaeologists is one recently discovered in the ancient Roman port of Aila, now within the modern city of Aqaba. It's proposed dating is around AD 300, built during a period of relative toleration before the Great Persecution of 303-311. Eusebius, the "Father of Church History" (c. 260-340) tells us that many large churches were built in his day.” And the churches were built through the growth of cell groups.

Wikipedia describes the cell group as a form of church organization that is used in some Christian churches. It is generally intended to teach the Bible and personalize Christian fellowship where they are usually referred to as such as Bible study groups. Paul Hore (2004) defines the cell group, where all the members participate as directly as possible, are more effective for changing attitudes and behaviour than is the lecture method. In other words, cell groups are Christian groups which build a relationship while studying the Word together as well as helping each oth-

er grow spiritually, morally, personally and economically.

This Cell Group Development Plan is comprehensive since there is gradual building of ties and integration of Christian values through different formation activities like livelihood trainings, group dynamic formations and community services. The programs are based on the characteristics of the family members and the challenges they were experiencing in their daily living.


The Apostolic Faith Church, Pastor, Cell Group Coaches and Leaders will be benefited by this plan.

Through the comprehensive small group program plan, the church will be able to have a pattern of fulfilling its commitment to spread the Gospel.

Pastors would have a structured guide for conducting Small Group meetings. Each meeting will become program-based, goal-directed and output-oriented since all small group lessons are based on the realistic experiences of the households.

Cell Group Coaches and Leaders would have structural plan of what needs to be done in every small group sessions including activity preparations and application of the Word to the activity-oriented program. They would have understanding of the different characteristics of each Cell Group Stages. Thus, they would be able to prepare the approaches which they need to use in every unique cell groups.

# ORGANIZATIONAL STRUCTURE





# BABY STAGE



NAME	WEEKS						BDAY
	1	2	3	4	5	6	CONTACT #
1							
2							
3							
4							
5							
6							
7							
8							
9							
10							
11							
12							
13							
14							
15							

# BABY

## NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

1<sup>ST</sup> to 6<sup>th</sup> Meeting

4 to 6 weeks

Members of the cell have a question in their mind, “Am I included in this group?” The burdens of bringing the comfort in the group are the leader, intern and host. If members don’t feel that they are welcomed, your attendance will be fluctuating and you can’t expect them to stay. Cell should run in one hour only. Start on time and end on time.

## OBJECTIVES

To break through the comfort barrier.

## LEADER

Cell Leader and Intern

## 4 W’s

**Welcome** – prepare ice breaking or group dynamics activities to prepare the environment in a friendly manner. This is the “most” important part of the cell at this stage. Never be tempted to alter this activity.

**Worship** – preferably tagalog fast song.

**Word** – focused on Christian living.

Week 1 Love\*

Week 2 I am Special

Week 3 A Worry-Free Life

Week 4 God’s Plan\*

Week 5 Power of Words

Week 6 God Knows Me

Week 7 What to Do in Tough Times

Week 8 Parable of the Sower\*

Kung nararamdaman mo na ang mga miyembro ay komportable na sa grupo at maari ng hingin ang kanilang commitment, maari ka ng mag-move sa susunod na stage. Ngunit kapag taas-baba pa rin ang attendance, ituro ang ibang topic. Ang importante ay makita nila na consistent ang meeting ng cellgroup.

**Works** – Get all the needed information for your members (name, contact number, birthday, etc.). Ask for prayer requests and pray with your intern.

**CROSS CONNECTION**

Ang cross connection ang pinakamahalagang bahagi ng WORKS. Ito ay tumutukoy sa krus (Jesus) kung ano ang ating pag-tugon sa kanya sa mga Salitang ating narinig. Ito ang ebanghelio na itinatanim natin sa puso ng bawat tagapakinig.

**FOOD**

Food is encouraged at the start or opening of the cell until four meetings. Exceeding to that is an optional. Usually the host/hostess is the one who prepares the food. If short budget, you may ask your pastor.

**INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE**

Inter Cell Fellowship every month

**MEETING:** 1ST MEETING **WEEK:** 1

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** LOVE

**WELCOME:** Pic-Pac-Boom

**WORSHIP:** Mahal na Mahal Kita

**WORD:**

**Icebreaker Question:** What is Love?

**Scripture:** 1 Corinto 13:1-8

**Discussion Questions:**

1. Ano-ano ang mga katangian ng pag-ibig na sinasabi dito sa Biblia?
2. Ano sa tingin mo ang katangian dito ng pag-ibig na pinaka-strongest sa iyo?
3. Ano nman ang pinaka-weakest?
4. Sinabi sa 8, mawawala ang lahat ngunit ang mananatili ay ang pag-ibig. Ano ang ibig sabihin nito?
5. Sa susunod na mga araw, ano ang gagawin mo upang mas maipakita mo ang pag-ibig sa iba? Ano-ano ang mga natutunan natin sa pag-aaral?

**WORKS:** Pasalamatn ang Panginoon dahil sa kanyang perfect love sa atin. I-encourage ang lahat na palaging dumalo sa gawain ng cell group. Kung maari ay ipakita ang commitment card at lahat ay pirmhan nila ang mga ito. Hingin ang kanilang buong pangalan, address, kaarawan at contact numbers.

**CROSS CONNECTION:** Ang pag-ibig ng Panginoon sa atin ang pinaka-perfect example ng pag-ibig na sinasabi sa 1 Cor 13. At sa kanyang dakilang pag-ibig sa atin ay ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa isang anak na si Jesus upang ang bawat isa sa atin ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Siya ang tunay na umiibig sa atin. At sa pagdalo natin sa ating cellgroup ay mas mauunawaan pa natin kun gaano Niya tayo iniibig.

**MEETING:** 2ND MEETING **WEEK:** 2

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** I AM SPECIAL

**WELCOME:** 1-2-3-4-5-6-hep

**WORSHIP:** Mahal na Mahal Kita

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Ilang taon ang nais mo na malagi dito sa mundo? Bakit?

**Scripture:** Genesis 1:25-27, Awit 139: 1, 13-15

**Discussion Questions:**

1. Anu-ano ang mga pagkakaiba natin sa ibang nilikha ng Dios ayon sa Genesis at Awit?
2. Gaano kakilala ng Dios ang bawat isa sa atin?
3. Kung ilalarawan mo sa isang salita ang Dios bilang manlikha, ano ito?
4. Kung ilalarawan mo sa isang salita ang tao bilang nilikha, ano ito?
5. Kung naniniwala tayong ginawa tayong espesyal ng Dios, paano natin dapat pahalagahan ang ating sarili? Ang ating kapwa?
6. Paano natin mapapasalamat ang Dios sa espesyal niyang paglikha sa atin?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** May magandang plano ang Panginoon sa atin. Ginawa niya ito bago niya pa likhain ang sanlibutan. Naparito siya upang maunawaan natin ang kanyang plano. Plano na punong puno ng pagasa at kinabukasan. Ngunit sa ating mga kasalanan ay nabubulag tayo at hindi natin nakikita ang kanyang plano para sa atin. Kayat sinasabi niya sa Heb 12, at huwag kayong makiayon sa sanlibutan... Nais mo ba na maranasan ang plano ng Panginoon sa iyo?

**MEETING:** 3RD MEETING **WEEK:** 3

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** A WORRY FREE LIFE

**WELCOME:** 7 UP

**WORSHIP:** Napakabuti ng Ating Diyos

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Ano-ano ang mga bagay na inaalala mo sa araw-araw? Ano ang tingin mo sa bukas, positibo ba o negatibo? Bakit?

**Scripture:** Matthew 6:25-34

**Discussion Questions:**

1. Ano-ano ang mga bagay na huwag dapat natin alalahanin?
2. Huwag tayong magalala sa ating kakainin. Ang sabi ay mas mahalaga tayo kaysa sa ibon. Gaano bas a tingin mo tayo kahalaga sa Dios?
3. Huwag diin natin alalahanin ang katawan at ang ating isusuot. Ano-ano ang mga pagkakataon na nagaalala tayo para sa ating katawan?
4. Bakit ang mga tao ay nagaalala sa kanilang kasuotan at kanilang mukha? Bakit mali na magalala tayo sa mga ito?
5. Huwag magalala para sa araw ng bukas. Ano ba ang inaalala ng mga tao para sa bukas?
6. Hindi nakakadagdag ang araw sa ating buhay kung tayo ay nagaalala. Ito pa nga ay nakakabawas ng taon sa ating buhay. Pano nababawasan an gating buhay sa pagaalala?
7. Sinabi ng Panginoon ang sikreto upang magkaroon tayo ng buhay na walang pagaalala. Basahin ang Mat. 6:33-34. Kinakailangan na ayusin natin an gating prioridad. Paanong ang pagaayos ng prioridad ay makatutulong sa buhay na walang pagaalala?
8. Ano ang mga practical na paraan upang hanapin natin ang Kanyang kaharian at kanyang kaluwalhatian?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Mas importante tayo kaysa sa mga ibon at damo, dahil tayo ay mga anak niya. Masyado tayong nagaalala dahil mali ang mga priorities natin. Sinasabi niya na kailngan natin siyang unahin. Sino sa inyo ang nagnanais na unahin (manguna) ang Panginoon sa kanyang buhay?

**MEETING:** 4TH MEETING **WEEK:** 4

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** GOD'S PLAN

**WELCOME:** ASO'T PUSA

**WORSHIP:** Napakabuti ng Ating Diyos

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Naniniwala ka ba na may magandang plano sa atin ang Panginoon? At kailanman ay hindi niya tayo ipapahamak? Bakit o bakit hindi?

**Scripture:** Jeremiah 29:11-14

**Discussion Questions:**

1. Ano-ano ang mga plano ng Dios para sa kanyang mga anak?
2. Ano sa tingin mo ang magagandang plano na sinasabi sa talata? Ang mga kahulugan ba na ito ay umaayon sa iyo? Bakit o bakit hindi?
3. Kailan mo naramdaman na ang nais ng Dios ang pinakamainam para sa iyo?
4. May pagkakataon ba na nagalala kung saan naramdaman mo na wala ang Dios para sa iyo?
5. Naniniwala ka ba na may magandang plano talaga ang Dios para sa iyo?
6. Ano-ano ang mga bagay upang ating ma-discover ang magandang plano ng Dios para sa atin?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Kailan mo naranasan na parang wala ang Panginoon sa iyong tabi? Sabi ng Niya, hindi kita iiwan at pababayaan. Ang Panginoon ay laging nasa iyo. Marahil ikaw ang malayo sa Kanya at hindi Siya ang malayo sa iyo... Nais mo ba na lumapit sa Panginoon?

**MEETING:** 5TH MEETING **WEEK:** 5

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** POWER OF WORDS

**WELCOME:** Pass the message

**WORSHIP:** Maghari Ka

**WORD:**

**Icebreaker Question:** May pagkakataon ban a nakapagsalita ka ng isang salita at nang malaon ay pinagsisisihan mo ito na sana'y hindi mo ito nasa-bi?

**Scripture:** Santiago 3:1-12

**Discussion Questions:**

1. Ang sabi sa 2 na ang dila ay maaring maglagay sa atin sa panganib. Ano ang sabi ni Santiago sa mga tao na kaya niyang paamuhin ang kanyang dila?
2. Ikinumpara ni Santiago ang dila sa tatlong bagay. Una ang pakagat sa bibig ng kabayo. Pangalawa ang timon ng barko. At pangatlo ang maliit na apoy. Ano-ano ang pagkakahawig nito sa ating dila?
3. Sinabi sa 8 na ang dila ay puno ng kamandag. Bakit sa tingin mo ay sinabi ito?
4. Sinabi rin sa Kawikaan 18:21, Life and death is in the power of tongue. Ano-ano ang mga salitang nakamamatay?
5. Ano sa tingin mo ang dahilan at nakapagsasabi ang mga tao ng salitang nakamamatay?
6. Ano naman ang mga salitang nakapagbibigay ng buhay?
7. Kung ia-assess natin an gating dila ilang pursyento tayo nakapagsasalita ng buhay at ilang pursyento nakapagsasalita tayo ng kamatayan?
8. Ano-ano ang mga paraan upang mapaamo natin an gating dila?
  9. Think before you speak
  10. Mabilis sa pakikinig, mabagal sa pagsasalita, malumanay sa pagkagalit

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Ang buhay at kamatayan ay nasa iyong dila. Ang dila ang nagpapahayag kung ano ang tunay na nasa iyong puso. Sabi sa Rom 10:9, kung ipapahayag ng ating bibig na si Jesus ang Panginoon ay maliligtas ka... Ang pagpapahayag sa ating bibig at nagpapakita ng ating panaanmpalataya. Nais mo bang kilalanin Siya sa iyong buhay bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas?

**MEETING:** 6TH MEETING **WEEK:** 6

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** GOD KNOWS ME

**WELCOME:** Alphabet Bingo

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Anong katangian ng isang tao ang hinahanap mo bago mo ito pagkatiwalaan?

**Scripture:** Psalms 139:1-6, 13-16

**Discussion Questions:**

1. Sa mga talatang ating nabasa, ano-ano ang mga bagay na alam ng Panginoon sa atin?
2. Sa tingin mo, bakit alam ng Panginoon ang mga bagay na ito sa atin?
3. Walang maitatago at maikukublli sa Kanya. Ang lahat ay lantad. Sa tingin mo ito ba ay mabuting bagay? Bakit o bakit hindi?
4. Kung ikaw ay makakapagtago sa Dios, gagawin mo ba ito? Bakit o bakit hindi?
5. Sa iyong palagay, karapat dapat ba na ibigay natin an gating tiwala sa Dios? Bakit?
6. Paano natin maipapakita ang pagtitiwala sa Dios?
  - Paglapit at paghingi ng tulong sa Kanya
  - Pagnanais na lubusan siyang makilala
  - Iba pa...

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Walang ibang nakakakilala sa atin kundi ang Panginoon lamang. Alam niya ang lahat lahat... Nais mo ba na ipagkatiwala mo ang iyong buhay sa Kanya?

**MEETING:** 7TH MEETING **WEEK:** 7

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** WHAT TO DO IN TOUGH TIMES

**WELCOME:** Longest Chain

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Ano ang pinakamatinding pagsubok ang naranasan mo na? Ano ang natutunan mo mula sa pangyayaring iyun?

Or: Kapag ikaw ay nakararanas ng mga pagusbok, hinaharap mo ba ito mag-isa o humihingi ka ng tulong sa iba? Sino ang una mong tinatakbuhan? Bakit mas gusto mo na harapin ang pagusbok na magisa?

**Scripture:** 2 Corinto 3-11

**Discussion Questions:**

1. Sa verses 8-9, inilarawan ni Pablo ang matindi nilang pagsubok. Anong salita ang ginamit niya sa kapighatiang dinaranas? Nagkaroon ka na ba ng ganitong klaseng pagsubok na halos “buhay at kamatayan” na?
2. Bakit mahalaga na matutong magtiwala sa Panginoon kaysa sa ating sarili (v9) sa mga kapighatian?
3. Iniligtas ng Panginoon si Pablo sa matinding pagsubok na kanyang dinanas (v10). Bakit panatag si Pablo na patuloy na ililigtas siya ng Panginoon (10-11)?
4. Paano mapapurihan ang Panginoon sa ating mga kapighatian (10-11)?
5. Nangako ang Panginoon na sa oras ng ating kapighatian, tayo’y Kanyang aaliwin. Anong sitwasyon sa buhay mo na kinakailangan natin ang pagaaliw ng Panginoon?
6. Ano ang maari mong gawin sa mga susunod na araw upang ang kaaliwan na ibinibigay ng Panginoon sa atin ay maibigay din naman natin sa iba?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa.

Hingin sa Panginoon na ang kanyang pag-aliw sa atin ay umapaw upang ito ay umagos din naman sa iba.

**CROSS CONNECTION:** Ang Panginoon ay lagging nasa iyo, handing ibigay ang Kanyang tulong... Nais mo bang hingin ang tulong ng Panginoon sa mga bagay na pinagdadaanan mo ngayon?

**MEETING:** 8TH MEETING **WEEK:** 8

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** PARABLE OF THE SOWER

**WELCOME:** News Strip

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Magkwento ng nakatutuwang experience mo sa pagtanim. Ano sa tingin mo ang role ng lupa sa halaman?

**Scripture:** Mateo 13:1-9, 18-23

**Discussion Questions:**

1. Ano-ano ang uri ng lupa ang sinabi ni Jesus?
2. Ano ang kumakatawan sa lupa, magsasaka at binhi?
3. Ang Satanic "birds" ay kinuha ang binhi ng salita ng Dios sa mga tao. Bakit? Ano sa tingin mo ang kulang sa mga taong ito (19)?
4. Ano ang mga bagay na dapat nating gawin upang maunawaan ang mensahe ng Dios?
5. Sa v 20-21 ay ipinakita ang uri ng tao na mabatong daan. Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa mga uri ng gani-tong tao?
6. Paano natin ito maiiwasan sa ating mga buhay?
7. Anong uri ng tao ang ipinapakita sa ikatlong uri ng lupa (22)?
8. Paano natin maiiwasan na tayo ay masakal ng pagkabalisa at kayamanan?
9. Ano sa apat na uri ng mga lupang ito ang nakaka-identify ka? Ipaliwanag.
10. Ano ang mga practical na paraan upang tayo ay maging mabuting lupa?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa



# CHILD STAGE



NAME	WEEKS						ACCEPTED JESUS CHRIST?
	7	8	9	10	11	12	
1							
2							
3							
4							
5							
6							
7							
8							
9							
10							
11							
12							
13							
14							
15							

Goals:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

# CHILD

## NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

7<sup>th</sup> to 12<sup>th</sup> Meeting

4 to 6 weeks

At the child stage members focus on themselves more than others in the cell. They usually have a question in their mind “What can I get from this group?” Members will start to express how they really feel. At this stage 50% of your members are consistently attending sessions. Furthermore, relationships within the group is established and at the same time personality conflicts and irritations will begin to emerge.

## OBJECTIVES

To break through the bonded relationships.

## LEADER

Cell Leader and Intern

## 4 W's

**Welcome** – can be done through a cup of coffee and asking them what had happened in their last week

**Worship** – preferably tagalog fast song.

**Word** – focused on Christian living.

Week 1 Salvation

Week 2 Total Surrender

Week 3 Who is Jesus Christ?

Week 4 Healing

Week 5 Overcoming Temptation

Week 6 Forgiveness

Week 7 What is Born Again?

**Works** – an opportune time to pray for each cell members and witness the proofs and evidences of your prayer in the group.

## FOOD

Food is optional.

## CROSS CONNECTION

Ang cross connection ang pinakamahalagang bahagi ng WORKS. Ito ay tumutukoy sa krus (Jesus) kung ano ang ating pag-tugon sa kanya sa mga Salitang ating narinig. Ito ang ebanghelio na itinatanim natin sa puso ng bawat tagapakinig.

## INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE

Inter Cell Fellowship every month

Special occasion (mother's day, anniversary, etc)

**MEETING:** 7TH MEETING **WEEK:** 1

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** SALVATION

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Sa tingin ninyo, ano ang paraan upang ang tao ay mapunta sa langit?

**Scripture:** Lucas 23:39-43

**Discussion Questions:**

1. Ilan ang kasama ni Cristo na pinarusahan?
2. Pano pinakisamahan o tinrato ng unang lalaki si Jesus? (disbelief/insult) Paano niya ito ininsulto?
3. Pano pinakisamahan o tinrato ng ikalawang lalaki ang unang lalaki? (Nirebuke, Pinaalala ang kanilang kasalanan)
4. Pano tinrato ng ikalawang lalaki si Jesus?
  - Naniwala siya na si Jesus ay Dios
  - Naniwala siya na si Jesus ay walang kasalanan
  - Naniwala siya na kailangan niya si Jesus
  - He asked to save him
5. Pano tinrato ni Jesus ang ikalawang lalaki? (Accepted and saved him)
6. Sa tingin mo ang ikalawang lalaki ay ligtas? Paano ka nakakasiguro?
7. Pano naligtas ang ikalawang lalaki?
  - A – admit that he is a sinner
  - B – believe in Jesus Christ (God, Sinless, Savior)
  - C – commit to Christ our Salvation
8. Sa mga sinabi natin kanina na paraan upang mapunta ang tao sa langit, ito ba ang ginawa ng ikalawang lalaki?
9. Ano ang paraan upang talaga tayong maligtas?
  - A – admit that he is a sinner (inaamin niyo ban a kayo'y makasalanan?)
  - B – believe in Jesus Christ (naniniwala ka ban a si Jesus lng ang kaligtasan, ang siya nating Dios?)
  - C – commit to Christ our Salvation (sino ditto ang nag-nais na ipagkatiwala ang kanyang buhay sa Panginoon?)

**WORKS:** I-challenge ang mga members upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan.

**PANALANGIN**

*Mahal kong Panginoong Jesus, naniniwala po ako na ako ay makasalanan at nangangailangan ng iyong kapatawaran. Tunay ko pong tinatalikuran ang aking mga kasalanan at ikaw ay aking pinagkakatiwalaan at tinatanggap bilang Tagapagligtas at Panginoon. Isinusuko ko po ang aking buhay mula ngayon at nais ko pong sumunod sa Iyong kaloo-ban sa aking buhay. Marami pong salamat... Amen*

**CROSS CONNECTION:** Ipaliwanag kung ano ang ginawa nila nung tunay na tinanggap nila si Jesus sa kaniyang buhay.

**MEETING:** 8TH MEETING **WEEK:** 2

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** TOTAL SURRENDER

**WELCOME:** Heart Puzzle

1. Gumupit ng hugis puso sa pulang art paper. Gupitin ang puso sa pitong bahagi.
2. Maghanda ng hugis krus sa puting papel na maaring magkasya sa hugis puso na ginawa.
3. Ilagay ang mga ito sa isang envelope. Maghanda ng isang pares.
4. Hatiin ang grupo sa dalawa at bigyan ng tig-isang envelope (may laman na puso at krus, bond paper at paste)
5. Sa iyong hudyat mag-unahan ang bawat grupo na mabuo ang puso at idikit ito sa bond paper. Idikit ang krus sa loob ng puso.
6. Ipaliwanag ang puso.
7. Kumpletuhin ang pangungusap: Ayaw ng Panginoon ang baha-bahagi lamang ng aking puso, ang nais niya ay \_\_\_\_\_.

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Kung makakaharap mo si Jesus, ano ang itatanong o sasabihin mo sa Kanya?

Ang ating buhay ay hindi lamang nagtatapos dito sa lupa. Ang bawat isa sa atin ay maaring magkaroon ng buhay na walang hanggan tulad ng ating napag-aralan noong isang linggo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus.

**Scripture:** Marcos 10:17-30

**Discussion Questions:**

1. Paano lumapit ang binatang lalaki kay Jesus?
2. Ano ang importanteng bagay ang itinanong niya kay Jesus?
3. Ibinigay ni Jesus ng lima mula sa sampung utos, ano ang ginawa ng lalaking ito sa mga Kautusan?
4. Ang pagiging mabuti ba sa mata ng mga tao ay maaring makapagbigay ng buhay na walang hanggan? Ano ang sina-bi ni Jesus sa kanya?
5. Bakit sa tingin mo hiningi ni Jesus ang kanyang kayamanan at ipagkaloob ito sa mga mahihirap at sumunod siya sa akin?

- Nais subukan ni Jesus ang kanyang pag-ibig sa Dios
  - Nais subukan ni Jesus kung kaya niya ibigin ang kanya kapwa
  - Nais malaman ni Jesus kung tunay niya nga bang iniibig ang Dios ng higit sa lahat
6. Bakit umalis ang lalaki?
  7. Posible ba na iligtas ng tao ang kanyang sarili?
  8. Ano ang ipinangako ni Jesus sa sinoman na susunod sa kanya?
  9. Isinuko mo na ba ang lahat-lahat sa iyo para kay Jesus? Anong parte ng buhay mo ang mahirap isuko kay Jesus?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Wala tayong contribution sa Kaligtasan. Hindi natin ito nakamit dahil nagging mabuting tao tayo. Ito ay dahil sa kung anong ginawa ni Jesus sa krus at hindi kung ano pa man ang atig ginagawa. Ito ay dahil lamang sa kanyang kagandahang loob.

**MEETING:** 9TH MEETING **WEEK:** 3

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** WHO IS JESUS CHRIST?

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Sino ang pinakapaborito mong teacher? Ano ang dahilan kung bakit siya ang pinakapaborito mo?

**Scripture:** Marcos 1:21-34

**Discussion Questions:**

1. Ano ang dalawang bagay na ikinamangha ng mga tao kay Jesus (22, 27)? Bakit?
2. Ano ang ibig sabihing nagtuturo siya ng may kapangyarihan? Sa tingin mo saan nanggaling ang kapangyarihan ni Jesus?
3. Kung ikaw ay nasa sitwasyon na lumabas ang tao na si-nasapian ng demonyo, ano ang mararamdaman mo?
4. Ano ang ginawa ni Jesus?
5. Bakit sa tingin mo nagpagaling si Jesus?
6. Si Jesus ang ating makapangyarihang Dios. Ang lahat ng bagay ay sumusunod sa kanya. Ang hangin, ulan, at maging ang mga demonyo ay maari niyang pasunurin. On a scale of 1 - 10, ano ang kapangyarihan ni Jesus sa iyong buhay?
7. Ano ang mga bagay na dapat gawin upang ito ay maging 10?
8. Paano nangusap ang mga talatang ito sa iyong buhay?

Mahalaga: Ikonek parin ang lesson sa salvation.

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Si Jesus ang tunay na Anak ng Dios. At walang ibang pangalan dito sa mundo (pangalan ng simbahan, relihiyon, tao, kabutihan atbp.) na makapagliligtas sa atin kundi ang pangalan ng ating PANGINOONG JESUS. (Acts 4:12)

**MEETING:** 10TH MEETING **WEEK:** 4

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** OVERCOMING TEMPTATION

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Ano-ano ang mga halimbawa ng tukso?

**Scripture:** Genesis 2:15-17, 3:1-10

**Discussion Questions:**

1. Sino-sino ang mga tauhan sa mga talata?
2. Ano ang utos sa ipinagbabawal na puno? Ano ang parusa dito?
3. Ano ang masamang nangyari sa kwento at paano ito naganap?
4. Halimbawang ikaw noon si Eva o si Adan, ano kaya ang maaring mangyari?
5. Ano ba ang ginawa ni Eba kung bakit siya natukso? (lumapit siya sa ipinagbabawal na puno) discuss
6. Kung ikaw ay nahaharap sa isang malaking tukso na maaring maglayo sa iyo sa Panginoon, ano ang maari mong gawin?
7. Malaki ang nawala kay Adan at Eva noong sila ay nagkasala. Ano sa palagay mo ang maaring mawala sa iyo kung ikaw ay mahulog sa kasalanan?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Anong tukso ang nahihirapan kang mapagtagumpayan? Hilingin natin sa Panginoon na bigyan ka niya ng kala-kasan. Sapagkat kung sa atin lang ay hindi natin ito makakayanan. Kailangan natin ang Kanyang kapangyarihan. Nais mo ba na hingin ito sa Kanya?

**MEETING:** 11TH MEETING **WEEK:** 5

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** FORGIVENESS

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Ilang beses ba dapat patawarin ang isang tao na nagkasala sa atin?

**Scripture:** Mateo 18:21-35

**Discussion Questions:**

1. Paano mo madedescribe ang tanong ni Pedro sa verse 21?
2. Sinabi ni Jesus na patawarin mo ang nagkasala sa iyo ng 70x7. Ano ang ibig sabihin nito?
3. Kung ikaw ang lalaking ito, ano ang mararamdaman mo bago ka humarap sa hari?
4. Ano naman ang mararamdaman mo matapos na patawarin na lahat ang iyong utang?
5. Sa hindi pagpapatawad ng lalaking ito sa nagkautang sa kanya ng maliit, ano sa tingin mo ang ugali nito?
6. Paano natin ito mai-relate doon sa pagkakasala natin sa Dios at sa pagkakasala sa atin ng ating kapwa?
7. Ano ang sabi ni Jesus kung hindi tayo marunong magpatawad?
8. Ano ba ang mga dahilan kung bakit ang tao ay nahihirapang magpatawad?
9. Paano nakatulong ang ating pagaaral upang mapatawad natin ang mga tao na nagkasala sa atin?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Malaki ang pagkakasala natin sa PAnginoon. Gayunpaman ay pinatawad niya tayo sa mga ito. Kung nahihirapan ka na magpatawad ay hingin natin ang kanyang biyaya upang maibigay natin ang kapatawaran. Ang pagpapatawad ay hindi ito isang beses, kundi araw araw na desisyon ng pagpapatawad.

**MEETING:** 12TH MEETING **WEEK:** 6

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** WHAT IS BORN AGAIN?

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Ano ang born-again?

**Scripture:** Juan 3:1-7

**Discussion Questions:**

1. Sino-sino ang mga tauhan sa mga talata? Sino ba si Nicodemus?
2. Bakit sa tingin mo gabi nagpunta si Nicodemus kay Jesus?
3. Sinabi ni Jesus kinakailangang ipanganak kang muli. Ano ang pagkakaunawa ni Nicodemus dito?
4. Ano ang ibig sabihin ni Jesus na kailangan kang ipanganak kang muli?
5. Paano bang ipanganak na muli ang isang tao (16)?
6. *Kung sa tingin mo ay may mag miyembro na hindi ito lubos maunawaan, ipaliwanag mabuti ang sinasabi na ipanganak ng muli.*
7. Paano mo ma-describe ang iyong personal na relasyon kay Jesus? Ano-ano ang mga bagay upang ito'y mas lalong tumibay at lumago?

**WORKS:** Kunin ang prayer request ng bawat isa

**CROSS CONNECTION:** Si Jesus ang daan, katotohanan at buhay, Jn 14:6, walang ibang daan upang tayoy magkaroon ng kaligtasan. Nais mo ba na isuko ang iyong buhay kay Jesus?

# TEEN STAGE



NAME	WEEKS						ATTENDING SUNDAY SERVICE?
	13	14	15	16	17	18	
1							
2							
3							
4							
5							
6							
7							
8							
9							
10							
11							
12							
13							
14							
15							

Works and World:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

## TEEN

### NUMBER OF GATHERINGS (WEEKS)

12<sup>th</sup> to 18<sup>th</sup> Meeting

4 to 6 weeks

You can say that your cell is ready at this stage if you have a consistent attendance and each member can identify which one is missing and they're looking for him. Encourage each member not to miss any of these 6 lessons. And tell them that after this stage you're going to have a party (e.i. chicken party, halo-halo party, ice cream party, etc)

### OBJECTIVES

To focus on ministering others within the group and understand some principles on Christian living.

### LEADER

Cell Leader, Intern and Members (on scheduled)

### 4 W's

**Welcome** – can be done through a cup of coffee and asking them what had happened in their last week

**Worship** – at this stage, members should be encouraged the real essence of worship. You may use two songs (one fast, one slow). Preferably, songs sung in the church.

**Word** – focused on Christian living.

Week 1 Worship

Week 2 Offering

Week 3 Prayer

Week 4 Holiness

Week 5 Sabbath

Week 6 Bible Reading/Devotion

Week 7 Graduation/Encounter

**Works** – this is the best time to do prayer partner, prayer notes and other prayer meetings.

**World** – introduced within the group about the vision for multiplication.

### OFFERING

Introduced within the group. Offering is one of the forms in worshipping our God. Through this, it gives members a strong commitment and loyalty to their cell.

**CROSS CONNECTION**

Ang cross connection ang pinakamahalagang bahagi ng WORKS. Ito ay tumutukoy sa krus (Jesus) kung ano ang ating pag-tugon sa kanya sa mga Salitang ating narinig. Ito ang ebanghelio na itinatanim natin sa puso ng bawat tagapakinig.

**FOOD**

Food is optional only at this stage. But if members want to have it after each session, food should come from an offering.

**INVOLVEMENT IN CHURCH ACTIVITIES/SERVICE**

Inter Cell Fellowship every month

Special occasion (mother's day, anniversary, etc)

May be involved in ministries in special occasion (e.i. ushers, special number, registration)

**MEETING:** 12TH MEETING **WEEK:** 1

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** WORSHIP

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** Ano ang mga bagay na nais mong ipagpasalamat sa Dios? Umawit ng 2 awit.

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Nagkaroon ka na ba ng problema na napakalaki at sa tingin mo ay walang solusyon? Ano ang nararamdaman mo sa pagkakataong iyon?

**Scripture:** 2 Cronica 20:15-22

**Discussion Questions:**

1. Ano ang ginawa ng mga Istraelita ng sila ay sinugod ng mga Amonita at Moabita?
2. Ano ang nangyari nang sila ay magpuri sa Dios?
3. Nagapi ng mga Istraelita ang kanilang kalaban sa pagpupuri nila sa Dios. Ano ang itinuturo ng Dios kapag tayo ay nakakaranas ng mga problema o pagsubok?
4. Ano-ano ang mga uri ng pagpupuri sa Dios? (pagbabasa ng Biblia, pananalangin, pag-awit, pagsayaw, atbp.)
5. Ano ang mga dahilan kung bakit natin kailangang purihin ang Dios?
6. Ano ang mga hadlang sa pagpupuri sa Dios?
  - Pisikal
  - Mental
  - Sosyal
  - Espiritwal
11. Magbigay ng karanasan na kung saan nagpuri ka sa Dios ay nakaranas ka ng katagumpayanan (mula sa kasalanan, problema, kalungkutan, kahirapan).

**WORKS:** Sa isang piraso ng papel isulat ng bawat miyembro ang kanilang panalangin na nagpupuri sa Dios. Maari itong basahin ng bawat isa upang makita nila ang ibat-ibang uri ng pagpupuri sa Dios.

**WORLD:** I-encourage ang lahat na dumalo sa Sunday Service upang maranasan ang sama-samang pagpupuri sa Dios.

**MEETING:** 13TH MEETING **WEEK:** 2

**DATE :** \_\_\_\_\_

**LESSON:** OFFERING

**WELCOME:** \_\_\_\_\_

**WORSHIP:** \_\_\_\_\_

**WORD:**

**Icebreaker Question:** Anong “materyal” na bagay ang pinakamahalaga sa iyo? Bakit mo nasabi na ito ang pinakamahalaga para sa iyo?

**Scripture:** Mark 14:1-11

**Discussion Questions:**

